Tagalog

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Hunyo 2022 No.70

Citizens and Cultural Affairs Dept.
International Community
Support and Passport Office
T E L : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Balita

## Sinalubong ang Bagong Direktor at Consultant

「Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」ay binuksan noong Oktubre 2019. Ang center ay tumatanggap ng iba't ibang konsultasyon mula sa mga dayuhang residente na nakatira sa Nagano Prefecture.

Nais naming ipakilala ang bagong direktor (na siya ring consultant sa wikang Indonesia) at bagong consultant sa wikang Portuguese na nag-umpisa nitong Abril 1, 2022.

※Makikita sa likod ang contact number ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

### Direktor　小山 直美（Koyama, Naomi）



Ako po si Naomi Koyama, ang bagong supervisor ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

Nag-umpisa akong magpabalik-balik ng Japan at Indonesia mula noong 2001. Mahirap sa umpisa dahil iba ang kultura pero naging masaya ang pagtira ko sa Indonesia dahil sa tulong at mabait na pakikitungo sa akin ng iba. May mga bagay na hindi gaano maunawaan o may lumilitaw na problema kapag naninirahan sa lugar na naiiba ang kultura. Kaya inaanyayahan namin kayong kumunsulta kung mayroon kayong problema.

### Consultant (Portuguese)　佐藤 レチシア 瑠美（Sato, Leticia Lumy）



Kumusta. Ako po si Sato, Leticia Lumy, isang Japanese-Brazilian.
Ako ay ipinanganak at lumaki sa São Paulo.
Nitong Abril ako po ay nag-umpisa bilang consultant ng Portuguese sa Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.
Alam ko kung gaano kahirap ang tumira sa isang bansang naiiba ang wika! Kaya kahit di gaano mahusay sa Nihongo, huwag mag-alangan na kumunsulta sa Center kung kayo ay may problema.

Konsultasyon

## Magsasagawa ng Libreng Consultation Outreach

Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay magsasagawa ng libreng consultation outreach para sa mga residenteng banyaga. Maaaring kumunsulta nang libre sa abogado (kailangan ng appointmment), administrative scrivener (gyosei shoshi), at judicial scrivener (gyosei shoshi).

| Lugar | Petsa | Oras | Lokasyon |
|---|---|---|---|
| Azumino | Hulyo13,2022 (Miyerkules) | 10:00～15:00 | Azumino City Hall |
| Matsumoto | Agosto 30,2022 (Martes) | 10:00～15:00 | M-Wing |
| Ueda | Septyembre 9,2022 (Biyernes) | 10:00～15:00 | Chuo Kōminkan |
| Chino | Septyembre12,2022 (Lunes) | 10:00～15:00 | Chino City Hall |

Walang bayad!



※　May posibilidad na magbago ang iskedyul at lugar.
Para sa detalye, tingnan ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

Balita

## Hulyo, Multicultural Coexistence Promotion Month

May 34,867 na banyagang residente ang naitala sa Nagano noong 2021. Sa Nagano, ang Hulyo ay itinalaga bilang ang Multicultural Coexistence Promotion Month. Sa buong buwan ng Hulyo, hinihimok ang lahat na makipagtulungan na maging pamilyar sa isa't-isa upang maging mas komportable ang paninirahan kapuwa ng mga residenteng Hapon at dayuhan.

Ito ang poster ng Multicultural Coexistence Promotion Month ngayong taon. Ito ay naka-display sa loob ng gusali ng prepektura at sa tanggapan ng bawat munisipyo, at sa mga Aeon Malls.




Paanyaya

## Nagkakalap ng kalahok sa event ng「Yasashii Nihongo」

Alam mo ba ang simpleng istilo ng Nihongo na tinatawag na「 Yasashii Nihongo」?
Ito ay isang istilo ng Nihongo na pinasimple ang komplikadong salita at pinaikli ang pangungusap upang madaling maunawaan.
Upang maging pamilyar sa lahat ang「Yasashii Nihongo」, ang Nagano Prefecture ay magsasagawa ng isang event na puwedeng lahukan kapuwa ng Hapones at banyaga.

### ◆Poster-making gamit ang「Yasashii Nihongo」

Ang iyong ideya ay posibleng mapili para sa poster ng Multicultural Coexistence Promotion Month!?

**Unang iskedyul: Hulyo 31 ,2022 (Linggo) 9:30am-12noon**
**Ikalawang iskedyul: Agosto 10, 2022 (Miyerkules) 6:30pm-9pm**
**Paraan: Online (Microsoft Teams)**
**Bilang ng Kalahok sa bawat iskedyul: 12 Banyaga, 18 Hapones**
**Tema: Matuto ng 「Yasashii Nihongo」**
**Gumawa ng poster na ginagamit ang 「Yasashii Nihongo」**
**Pagsali: https://s-kantan.jp/pref-nagano-u/offer/offerList_detail.action?tempSeq=22629**
**Tingnan ang website ng NaganoPrefecture para sa detalye.**
**https://www.pref.nagano.lg.jp/kokusai/nihongo/yasashiinihongo.html**
**※Ang tema sa dalawang iskedyul ay pareho. Ang event ay isasagawa sa wikang Nihongo.**

### ◆Paligsahan ng「Yasashii Nihongo」sa Shinshu

Sa Taglagas ang umpisa ng pagkalap ng kalahok

Nangangalap dito sa Nagano ng iba't ibang uri ng proyekto o programa na ginagamit ang「Yasashii Nihongo」. Bibigyang parangal ang napakahusay na proyekto o programa. Maaaring lumahok bilang isang indibiduwal o bilang isang grupo.
Inaanyayahan kapuwa ang mga Hapones at dayuhan na ibahagi ang kanilang ginagawang aktibidad na gumagamit ng「Yasashii Nihongo」.

Tulad ng:
Ipinapaalam sa mga residenteng banyaga ang impormasyon tungkol sa komunidad gamit ang「 Yasahii Nihongo」.
Gumagamit ng「 Yasahii Nihongo」sa pagtitipon ng iba't ibang dayuhan.

Tatanggapin bilang entry ang kahit anong uri ng proyekto o programa hangga't gumagamit ng「Yasashii Nihongo」. Iaanunsiyo sa website ng Nagano Prefecture ang detalye ng paraan at panahon ng pagsali.

Ang「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)
�026-219-3068 / 080-4454-1899 ホームページ：https://www.naganoken-tabunka-center.jp/